

1

“Ano ka ba naman, Claire?” inis na sabi ng kaibigan niyang si Rachel. “Pumayag ka ngang sumama dito pero nakatunganga ka lang d’yan. Ang KJ mo talaga!” anito, sabay buga nito ng usok ng sigarilyo.

Nasa madilim na bahagi sila ng isang disco bar sa Makati. Malakas ang tugtog na tila dumadagundong sa kanyang dibdib. Tahimik lang namang nag-e-enjoy si Claire na panoorin ang mga nagsasayaw sa dance floor. Naaaliw siya sa panonood ng laser beams na humihiwa sa dilim at sumasayaw sa kisame at dingding na parang battle scene ng *Star Wars*.

Napapaindak pa siya sa kanyang kinauupuan, kasabay ng indayog ng disco music. Saglit niyang tiningnan ang kaibigan.

“Ano kamo?” malakas niyang tanong. “Hindi kita marinig,” muwestra niya sa kaibigan.

Humugot lang si Rachel ng malalim na hininga at umiling. “Wala,” malakas na sabi nito sa kanyang tainga, “hopeless ka talaga.”

Isang munting ngiti lang ang itinapon ni Claire sa direksyon ng kaibigan.

“O, tapos ngingitian mo lang ako nang ganyan. Huwag mong

sabihing nalalasing ka diyan sa shandy mo?”

“Alam mo, Rachel, para kang sira,” natatawang sagot niya sa kaibigan. “Bakit ba pinoproblema mo ‘ko? Sumama na nga ako sa ‘yo, para matigil ka na tapos kukulitin mo pa rin pala ako hanggang dito. And whether you believe it or not, nag-e-enjoy ako ngayon. Don’t worry about me, Rachel, I’m fine,” madiin niyang sagot. “Ikaw ang mag-enjoy. Huwag mo akong intindihin.”

Umiling si Rachel. “I’ll get you a stronger drink. Hindi mo ako mapapaniwala na nag-e-enjoy ka, eh, kulang na lang ipikit mo ang iyong mga mata para malaman kong natutulog ka.”

“No. Huwag na lang, Rachel,” mabilis na sabi ni Claire habang pinipigilan ang kamay ng kaibigan na sana ay kakaway na sa isang nag-aabang na waiter.

Bumuntunghininga si Rachel, pinagmasdang mabuti ang magandang mukha ng kaharap.

“Ilang taon ka na, Claire?” tanong nito. “You’re twenty-four,” sagot nito sa sariling tanong. “You’re a Business Management graduate, magna cum laude pa pero teller ka lang sa bangko,” sabad ulit ni Rachel.

May tanong sa mukha ni Claire. Hindi niya maintindihan ang pinatutunguhan ng mga salita ng kaibigan. “Magkano ang pera na iniwan sa iyo ng mga magulang mo?”

“Rachel...” simula ni Claire. “Yan na naman ba ang pag-

uusapan natin?”

“Close to fifteen million pesos ang iniwan sa iyo ng mga magulang mo, right?” mabilis na sagot na naman ni Rachel sa sariling tanong. “You can easily put up your own business. Be your own boss. Pero ‘asaan ang pera? Naka-time deposit.” Tinapik pa ni Rachel ang noo. “Ni hindi mo ilagay sa money market!”

“Ano ba ang punto ng usapang ito?” medyo napipikon nang tanong ni Claire. “Do you want to tell me how to live my own life? Ha? ‘Yon ba ang gusto mo?”

Pero hindi siya pinansin ni Rachel.

“Nagkaroon ka na ba ng boyfriend?” tanong na naman nito. “Hindi pa,” sagot nito sa sariling tanong. “Ano ang pinakamalayong lugar na napuntahan mo? Tagaytay? When your parents were still alive, madalas ka nilang yayaing sumama sa kanila sa trips nila abroad. Sumama ka ba? Hindi.”

Tiningnan na lang ni Claire ang kaibigan.

“Sira ka ba?” tanong niyang natatawa. “Kung sumama ako sa kanila sa huling biyahe nila, Rachel, hindi mo na sana ako kausap ngayon.”

“That plane crash was an accident. At least, namatay sina Tita Minda na maraming nagawa sa buhay nila. Ikaw, naturingan ka ngang buhay...” Pinutol ni Rachel ang huling sasabihin nang makita nito ang sakit na gumuhit sa mukha ng kaibigan.

Hinawakan nito ang isang kamay niya. “I’m sorry..”

Nangingislap sa hindi pumapatak na mga luha ang mga mata ni Claire nang titigan niya ang kaharap. “Ako ito, Rachel. I cannot change who I am and what I want to be. Ikaw nga, hindi mo maihinto iyang paninigarilyo mo, ako pa ang ibig mong baguhin?”

Mabilis na pinatay ni Rachel ang upos na hawak. Nagtawanan ang magkaibigan.

Hinawakan nito ang kamay ni Claire na nakapatong sa mesa. “Ano ang kinatatakutan mo, Claire?”

Ibinaba niya ang tingin. “Wala.”

“Natatakot kang masaktan? Madapa? Mabigo? Gaano ang naramdaman mong sakit nang mamatay ang mga magulang mo? Hindi mo iyon pinili o hiningi. Hindi rin ‘yon ginusto ng mga magulang mo, pero nangyari. Ganyan lang dito sa mundo, Claire. Kahit na sumilong ka pa sa pinakamalilim na puno, kapag bumagyo mababasa at mababasa ka pa rin.”

“Your vodka must be getting into your head, Rachel,” pilit ang ngiti na sabi ng dalaga. “Nagiging matalinhaga ka na.” Ibig niyang daanin sa biro ang nanumbalik na sakit na nadama niya sa kanyang dibdib.

Anim na buwan lang ang nakakalipas mula nang mamatay

Kahit Ngayon Lang, Mahalin Mo Ako - Heidi C. Ocampo

ang mga magulang ni Claire nang mag-crash ang sinasakyan nilang eroplano mula sa London, patungong New York. Dalawang linggo pa lang noon ang lumilipas nang malaman nilang may cancer din pala ang kanyang ama. Parehong may cancer ang mga magulang ni Claire nang mamatay ang mga ito sa plane crash.

Unang nagkasakit ng cancer ang kanyang ina. Noong una ay ang ama ni Claire ang tanging nag-aalaga rito, hanggang natunton ng mga doktor na cancer din ang dahilan ng paghulog ng katawan nito. Higit na laganap na ang cancer sa katawan ng kanyang ama nang matuklasan iyon. Hindi na nito ginustong magpaopera pa. Hindi na rin naman iyon makakabuti sa kanya at baka iyon pa ang dahilan upang mapadali ang paglisan nito sa mundo.

Nag-leave si Claire sa trabaho sa bangko upang personal na alagaan ang mga magulang. Pero nang manumbalik ang lakas ng kanyang ama, nagpasyang magbiyahe ang mag-asawa. Habang may nalalabi pang lakas ang kanilang nanghihina nang katawan ay ibig nilang gugulin ang natitirang panahon na magkasama.

Inalok nilang sumama ang anak, pero maliwanag din namang ibig nilang sila lamang dalawa ang magbiyahe kaya gustuhin man ni Claire na sumama para masiguro ang kalagayan nila, nagpaiwan na lang siya.

Nakapaglibut-libot sila nang kaunti sa Europa. Papunta na sila sa New York upang isangguni ang kalagayan ng kanyang ina sa isang dalubhasang manggagamot doon nang mag-crash ang

eroplanong sinasakyan.

Masama ang loob ni Claire nang maiwan siya sa Maynila, pero sa kabilang bahagi naman, kung sumama siya sa kanila, siya rin sana ay pumanaw sa plane crash na ikinasawi ng kanyang mga magulang.

Masaya na sila ngayon. At least ay magkasama silang pumanaw. Hindi sila gaanong naghirap sa sakit nilang cancer. Iyon ang parati niyang sinasabi sa sarili.

Bumuntunghininga si Claire. Sa pagkakataong iyon ay malalim ang mga isipan na nagugunita niya at tila hindi niya pansin na naroon siya sa maingay na disco at nag-uusap sila ng matalik niyang kaibigan.

Itinaas ni Rachel ang isang kamay, tanda ng pagsuko. Pagkuwa'y tumalikod ito upang sundan ang malayong tingin ni Claire sa dako ng kanyang likuran.

Nakita niya ang isang lalaking nakaupo sa may bar. Naka-sideview ito sa kanila at umiinom ng beer mula sa isang malaking frosted mug na nagyeyelo sa lamig.

Lumiwanag ang mukha ni Rachel. “Ang guwapo, ‘no?’”

“Ano ‘kamo?’” biglang balik ni Claire mula sa pagmumuni-muni, tila hindi naintindihan ang sinabi ng kaibigan.

Napakamot ng batok si Rachel. “Yung lalaki doon sa bar,” sabi nito.

Nilingon ni Claire ang tinutukoy nito. Nakatingin sa kanila ang lalaki. Bigla niyang inilayo rito ang kanyang tingin.

“Nakatingin sa ‘yo, Rachel,” sabi niya.

Natawa si Rachel. “Bakit naman titingin sa ‘kin yon, eh, nakatalikod ako sa kanya? Sa ‘yo nakatingin ‘yon. Ang guwapo, ano?”

“Kilala mo ba ‘yon?” tanong ni Claire. “Nakatingin pa rin sa ‘tin, eh. Baka kilala ka.”

“Kanina pang nakatingin sa ‘tin ‘yon kasi nakikipagtitigan ka sa kanya,” sabi ni Rachel. Kunot-noong nilingon muli nito ang lalaki sa kanyang likuran. “Kung kilala ko ‘yan, Claire, hindi sana ikaw ang kasama ko ngayon. Type mo siya, ‘no?” tanong nito habang pinagmamasdang mabuti ang kanyang reaction.

Tinititigan niyang mabuti ang profile ng lalaki nang bigla na namang lumingon ito sa kanyang direksyon. Nagtama ang kanilang mga mata, at pakiramdam ng dalaga ay lumukso ang puso niya sa kanyang dibdib.

Saglit lang ang pagtatagpo ng kanilang paningin dahil napahiya si Claire at mabilis na ipinukol sa malayo ang kanyang mga mata.

Maganda ang mga mata ng lalaki. Mapungay. Nangungusap.

Kahit Ngayon Lang, Mahalin Mo Ako - Heidi C. Ocampo

At dama niyang nag-iinit ang kanyang mukha sa pagkakatitig nito sa kanya gayong nailayo na niya ang kanyang tingin. Alam niyang hindi niya makukuhang makipagtitigan sa lalaki maski na sa malayo lamang.

Ang hindi rin niya mawari, at ito ang kanyang pinagtakhan, ay kung bakit may tila bahid ng lungkot siyang nabasa sa mga mata nito.

Pilit niyang iginalala ang tingin sa paligid at nang hindi na niya mapigilan, ibinalik niya ang tingin sa lalaki. Nakatingin pa rin ito sa kanya. Parang nanghihina ang kanyang mga tuhod sa titig ng mga mata nito at gustuhin man niya, hindi niya magawang puknatin ang pagkakatitig din dito.

Bahagyang itinaas lang ng lalaki ang tangang mug sa kanya bago tinungga ang laman niyon. Pagkatapos ay bumaling ito sa bartender at nag-order muli.

Ibinalik ni Claire ang tingin sa kaibigan na nanonood sa buong kaganapang iyon. Nanunukso ang tingin nito sa kanya.

“Bakit?” patay-malisyang tanong niya.

Ngumiti lang itong parang may nalalamang sekreto tungkol sa kanya.

“Papaano ko naman magagawang akitin ang lalaking ‘yon, ngayong alam kong interesado ka rin pala sa kanya?”

“Hoy! Rachel, ha? Walang nagbabawal sa ‘yo. Kung gusto

Kahit Ngayon Lang, Mahalin Mo Ako - Heidi C. Ocampo

mong lumapit at magpakaloka para lang makipagkilala doon sa mamang ‘yon, nobody’s stopping you. Hindi ko siya pag-aari. At maski na pag-aari ko pa siya, ipapaubaya ko pa rin siya sa ‘yo. Ganoon akong klaseng kaibigan.” Kinindatan niya si Rachel. “That’s how much I care for you.”

“Huu!” panunukso ni Rachel. “Gusto mo lang na ako na naman ang gagawa ng paraan para sa ‘yo. But from now on, bahala ka sa buhay mo. Sariling sikap na tayo ngayon. Kaya kung gusto mong makilala ‘yung guwapo, bahala kang gumawa ng sarili mong paraan.”

“Ang yabang mong magsalita, ha?” Malakas na silang nagtatawanan ngayon. Tinitingnan sila ng ilang mga nasa katabing mesa, pati na rin ng lalaking nakaupo sa bar.

“Kung di ko lang alam, mga pangit lang ang kaya mo. Come to think of it, wala ka pa namang naipapakilala sa ‘king guwapo, ‘no?”

“Itinatago ko lang sa ‘yo at baka agawin mo, loka!” ani Rachel.

“Maniwala ‘ko sa ‘yo. Buti sana kung maski isa, may naipakita ka sa ‘king guwapo. Eh, ‘ala naman. Tapos, ang lakas ng loob mong mangbuska. Aminin mong hanggang sa pangit lang umuubra ang charms mo,” biro niya.

“Dine-dare mo ba ako?” tanong ni Rachel.

“Sige nga, tingnan natin kung uubra ka doon?” Ininguso niya ang lalaki sa bar. “Mukhang naghahanap ng action ‘yon. Kanina pang tingin nang tingin sa ‘yo. Yakang-yaka mo ‘yon,” pambubuska niya sa kaibigan.

“Hindi ‘yun ordinaryong mama, sira! Adonis ‘yon,” sabi ni Rachel. “At malaking challenge maging sa magical charms ko. But watch me pick him up. Marami kang matututunan kung panoorin mo ako in action,” sabi ni Rachel, sabay tayo. “Pero teka... dapat ikaw ang gumawa n’on.”

“Gumawa ng alin?”

“Pick him up.”

“Nasisiraan ka na ba ng bait?”

“Kamuntik na ‘kong madala sa pambubuska mo, ha?” natatawang sabi ni Rachel. “Pero hindi. I can see through you. Kaya tayo nagpunta dito ay para ikaw mismo ang gumawa ng paraan para sa sarili mo. Ibabalato ko na sa ‘yo ‘yung guwapo. Sa ‘yo na siya, pero ikaw ang gumawa ng paraan mo.” Tumatawa itong malawak ang ngiti sa mukha. “Claire, tonight is the night that you should start living.”

“Start living by picking up a stranger? Malay ko kung sex maniac ‘yon? Malaki na ang sira mo, Rachel. Lasing ka na siguro.”

“Hindi ako lasing. Ito na ang pagkakataon mo para ma-overcome mo ang hang-ups mo.”

Biglang bumalik ang lungkot sa mukha ni Claire. Inilayo niya ang tingin sa kaibigan. “Ayoko.”

“Look, Claire. Hindi kita makukumbinsi na i-give up ang boring job mo sa bangko o i-invest sa magandang negosyo ang kuwarta mo. Hindi naman overnight ay maaaring mabago mo ang mga nakasanayan mo nang ugali. Para rin ‘yang pagsakay sa eroplano. Hindi mo ‘yon magawa after your parents’ death, pero last week lang ay lumipad ka papuntang Baguio para sa seminar ninyo sa bangko, di ba?” Tinitingnan siyang mabuti ni Rachel.

“Ganoon din ito,” patuloy na paliwanag nito sa kanya. “And the first step is always the hardest, but things come easier after that. Hindi ba’t ngayon ay nakakapagplano na tayong mag-vacation sa Hong Kong?”

“Reklamo ka nang reklamo na walang nangyayari sa buhay mo pero you won’t even take the first step para baguhin ‘yon. Kalimutan na natin ‘yung trabaho mong boring na hindi mo naman talagang kailangan. Until a better job comes along, mas mabuti na ‘yon kaysa nakatunganga ka lang sa bahay. Pero papaano ka makakakita ng bagong trabaho kung hindi ka naman naghahanap?”

Bumuntunghininga si Rachel bago nagpatuloy. “Ang problema kasi sa ‘yo, Claire, ay ipinanganak ka na ang lahat ay nasasaiyo na. You come from a well-to-do family. Matalino ka. Maski noong nasa high school at college pa lang tayo, ni hindi ka naghirap sa pag-aaral pero nag-cum laude ka pa rin. What

Kahit Ngayon Lang, Mahalin Mo Ako - Heidi C. Ocampo

I mean is, parang kusang lumalapit sa iyo ang mga bagay na pinaghihirapan ng ibang ‘gaya ko, for example.” At nagtatawa pa ito.

“Ang interest nga lang ng kuwarta mo sa bangko ay sobra-sobra na maski sa pinakamaluhong pangangailangan mo. Talagang maski wala kang gawin ay wala kang mairereklamo sa takbo ng mga bahaging iyon ng buhay mo.

“Pero sa punto ng pag-ibig at pagdating sa mga lalaki, you have to at least place yourself in a situation para mangyari ang mga bagay na gusto mo. And that won’t happen kung hindi ka lalabas at makikipagkaibigan. Kung puwede nga lang kitang bitbitin sa lahat ng mga lakad ko para may mangyari naman sa buhay mo. Ang problema nga lang, kapag kasama na kita like now, kinukursunada mo naman ang pinakaguwapo.” Pinatatawa siya nito.

Huminga nang malalim si Rachel. Ngumiti sa kaibigan.

“Tayong mga babae ay hindi parang kuwarta sa bangko na lumalago taun-taon sa interest na kinikita. Nagde-depreciate tayo. Naluluma. Tumatanda. Nalolosyang. At pag hindi ka kumilos sa sarili mong kapakanan, you’ll wake up one day to find na kuwarta na lang pala ang hinabul-habol ng mga lalaki sa ‘yo. ‘Yon ba ang gusto mo?”

Hindi nakuhang magsalita ni Claire sa mahabang sermon ni Rachel. Totoo naman lahat ang mga sinabi ng kaibigan. Madalas

nilang mapag-usapan ang mga bagay na iyon at sang-ayon siya rito. Kailangang siya mismo ang gumawa ng paraan upang may mangyari sa buhay niya.

Hirap nga lang siyang gawin ang iminumungkahi sa kanya ngayon ni Rachel.

Mataman siyang pinagmamasdan ng kaibigan nang tingnan niya ito. Kinuha nito ang kanyang kamay at ngumiti.

“Alam mo ‘yung commercial ng *Sabado Nights*?” tanong nito. “Lumapit ka lang sa bar, umupo sa katabing stool ng lalaking iyon at mag-order ng beer,” nangingislap ang mga matang sabi nito. “Tingnan mo. Makikipagkilala ‘yon sa ‘yo. And that’s it, ganoon lang kadali.”

Ibinaba niya ang kanyang tingin, umiiling. “Ayoko. Nakakahiya. Hindi ko kaya.”

“Hindi ko sinabing magwala ka’t sumiping sa kanya ngayong gabi, gaga!” Pinapalakas ni Rachel ang kanyang loob. “Just for tonight, Claire, patunayan mo sa sarili mong kaya mong gawin ang isang bagay na gusto mo naman talaga. For yourself, Claire, have enough guts to start a conversation with a man na attractive naman sa ‘yo. For heaven’s sake, Claire! Conversation lang naman.”

“Ano bang conversation ang sinasabi mo, Rachel?”

“Conversation lang ‘yon pag kinausap mo lang siya. Pag

niyaya mo siya sa kung saan, pick up ang tawag doon. Malaki ang pagkakaiba noon. Ang magsimula ng conversation ay inosenteng bagay. Walang masama doon. At kung ‘yon lang ay hindi mo magagawa, lalong hindi mo magagawa ang mang-pick up ng lalaki dito. You still have a lot to learn from me tungkol sa puntong ‘yon,” pagyayabang pa nito.

Sadyang ganoon lang ang kanyang kaibigan at kailanman ay wala siyang minamasama sa mga sinasabi nito. Alam niyang tapat na kaibigan si Rachel.

“Hindi ko yata kaya,” muling sabi ni Claire.

“Kaya mo. Just pretend na client mo siya sa bangko. Na nagwi-withdraw lang siya ng pera sa ‘yo.”

“Iba naman yata ‘yon.”

“Eh, kakausapin mo lang naman. Hindi na kita tutuksuhin na manang, kapag nagawa mo ‘to,” biro na naman ng kaibigan. Inilapit nito ang baso ng vodka sa kanyang kamay. Kinindatan siya. “First lesson lang ‘to, Claire,” sabi nito. “Next week, tuturuan naman kitang lumandi.”

Tumawa-tawa lang siya sa sarili, iniikut-ikot ang baso ng alak na nakapatong pa rin sa harapan niya. Gusto niyang subukan man lang ang inuudyok ni Rachel. At maski minsan nga lang ay patunayan sa sarili kung kaya nga niya iyon o hindi. Guwapo iyong lalaki sa bar. At mukhang disente. Mukhang interesado sa kanya.

“Hi!” Tinig iyon na biglang pumutol sa kanyang pag-iisip. Nakatayo sa harapan nila ang isang lalaking nakangiti sa kanila. “My name is George. Do you mind if I join you?” tanong nito.

Matangkad si George. Mga thirty-five years old. Naka-amerikana na brown, itim na sapatos na maski sa dilim ay kita ni Claire na makintab. Mukhang business executive. Mukhang may mataas na katayuan. Mukhang may katungkulan. At sa laki ng tiyan nito, mukhang may asawa at mga anak.

Tumaas ang kilay ni Rachel kay George at tumingin kay Claire. Nagkibit-balikat ito.

“Aalis na sana kami, George, I’m sorry,” sagot nito sa lalaki.

“That’s all right, sabi nito. “I noticed na wala kayong kasama. I wanted to buy you a drink sana, eh. Pero kung aalis na kayo, baka puwedeng makipagkilala na lang ako for now. Para next time na magkita tayo dito ay magkakilala na tayo.” Naupo ito sa bakanteng silya sa tabi niya.

Mula sa kanyang kinauupuan, nakita ni Claire na mataman silang pinagmamasdan ng lalaking nakaupo sa bar. Inaabangan nito kung ano ang susunod na mangyayari. At nang makita nitong naupo si George sa tabi niya, kita niyang pilit itong tumalikod upang tuluyan na silang mawala sa paningin nito.

“I’m George Marcelo,” pagpapakilala kay Rachel ng lalaking nakaupo na sa bakanteng silya, nakalahad ang kamay.

Inabot ni Rachel ang kamay nito. “Hi, George! I’m Doris,” pambobola nito, “and this is... Lorna,” tukoy nito kay Claire.

Hindi siya makatingin nang direktso habang kinakamayan ang lalaki. “Ang ganda-ganda mo pala, Lorna,” sabi nito sa kanya. “Bakit ba ngayon lang kita nakilala?”

“Excuse me, sandali lang ako d’un,” sabi niya kay Rachel, tinutukoy ang ladies’ room sa kabilang dako ng bar. “I guess we can leave when I get back.”

Bahagyang tumayo si George sa kinauupuan nito para padaanin siya.

“Come back soon,” bilin nitong malapad ang ngiti sa kanya, nagpapa-cute. Lalo lang siyang nainis. Dahilan lang naman talaga ang kanyang pagpunta sa comfort room para umalis na rin si George. Pero hindi nangyari iyon.

Hustung-hustong dumadaan siya sa likuran ng lalaking nasa bar nang bigla itong pumihit sa upuan para tumayo. Nahagip siya sa mukha ng tangan nitong beer mug. Nakuha na lang niyang bahagyang ibaba ang kanyang ulo kaya sa kaliwang bahagi ng kanyang noo siya nasapok ng mabigat na baso. Umikot ang paningin ni Claire at nakakita siya ng mga bituin na kumukuti-kutitap sa kanyang paningin.

At dahil nakatalikod si Rachel, hindi nito nakita ang nangyari sa kanya hanggang lingunin nito ang tila pinagkakaguluhan ng ilang tao sa bar. Madali nitong iniwan si George sa mesa at

pumunta sa kanya nang makita nito ang nangyayari.

Nakaupo sa carpet sa sahig si Claire, tila walang malay na nakasandal sa dibdib ng lalaki sa bar. Yakap-yakap ng lalaki ang tila lupaypay na katawan ni Claire.

“Claire, Claire,” tawag ni Rachel sa pangalan niya nang marating ang kinaroroonan ng kaibigan. “Claire,” tawag muli nito habang tinatapik-tapik ang kanyang pisngi.

Yakap-yakap pa rin ng lalaki si Claire, inaalalayan ang ulo nitong lupaypay.

“Rachel?” unang sabi ni Claire nang mahimasmasan nang bahagya. “Ano’ng...?”

Hindi na niya naituloy ang sasabihin nang bigla niyang nakita ang lalaking halos nakadikit sa kanya ang mukha.

“It’s all right, it’s all right,” sabi ng lalaki, pinapalis ang ilang hibla ng buhok sa kanyang mukha. “Tinamaan kasi siya ng baso ko nang bigla akong pumihit sa bar stool para tumayo,” tarantang paliwanag nito kay Rachel. “Hindi ko sinasadya, I’m sorry. I’m sorry,” sunud-sunod na sabi nito.

Namalayan na ni Claire na yakap-yakap siya nitong lalaki at pilit siyang nagpupumiglas nang mga sandaling iyon, ibig kumawala sa yakap ng lalaki.

“Huwag kang malikot,” madiing sabi ni Rachel sa kanya. “Natamaan ka ng beer mug sa ulo kaya sandali kang nawalan

ng malay. Huwag kang magpupumiglas at baka matumba ka na naman,” paliwanag niya sa kaibigan.

“It doesn’t seem like nasaktan ka, pero hayaan mong alalayan ka muna niya. Hindi mo pa kayang tumayo nang mag-isa.” Idinikit pa nito ang labi sa kanyang tainga at bumulong. “Gaga ka talaga,” anito kasabay ng isang pilyang ngiti. Pero hindi iyon naintindihan ni Claire. Nahihilo pa rin siya nang mga sandaling iyon.

“Hawakan mo muna siya,” bilin ni Rachel sa lalaki. “Kukuha lang ako ng malamig na tubig.”

Tinulungan na lang ng lalaki si Claire na maupo sa mataas at makipot na bar stool. Patuloy pa rin itong nakaalalay sa kanyang baywang para hindi siya matumba. Nakatuon ang kanyang noo sa kanyang kamay na nakahawak sa balikat ng lalaki. Matigas ang balikat nito at di pa man nanunumbalik ang buo niyang ulirat ay batid niyang tila nalulunod siya sa bango nitong nakayakap sa kanya.

Hinihimas-himas ng lalaki ang kanyang buhok nang iabot ni Rachel sa lalaki ang isang napkin na basa ng tubig. Pinahid-pahid ng lalaki ang kanyang noo.

“Painumin mo siya nitong ice water,” sabi ni Rachel sa lalaki.

“Rachel,” sabi ni Claire nang madinig ang tinig nito. “Ano’ng nangyari?” tanong niya habang kumakawala na naman sa lalaki upang yumakap sa kaibigan.

“Huwag kang malikot,” saway ni Rachel. Tinampal pa nito ang kanyang kamay. “Dito,” habang pilit na kinuha ang isang kamay ni Claire. “Dito ka kumapit at baka ka mahulog,” sabi nito habang ipinupulupot ang kanyang braso sa leeg ng lalaki. Tangan nito ang kanyang kamay sa batok ng lalaki para hindi siya bumitaw. Sadyang nahihilo pa siya kaya hindi na siya pumalag. Inalalayan din siya ni Rachel sa kanyang kabilang baywang.

“O, hindi ba mas comfortable ka nang ganitong ayos?” tanong ni Rachel sa kanya nang maayos na siyang nakayakap sa lalaki.

“A-ano’ng nangyari, Rachel?” tanong niya.

“Natamaan ka ng beer mug sa noo habang naglalakad ka sa likod nitong si...” sagot ni Rachel at tiningnan ang lalaki.

“I’m sorry, hindi ko siya nakita. She’ll be all right naman siguro, ano?” tanong nito.

“O-okay na naman yata ako, eh,” sabi niya. “Baka puwede mo na lang akong samahan sa kotse. Rachel, ikaw na ang mag-drive para sa ‘kin, ha?”

“Hindi. Hindi ka pa okay, naiintindihan mo ba ‘ko?” madiing sabi ni Rachel sa kanya. “Ayan o, humawak ka nang mas mahigpit. Baka mahulog ka.” Pagkuwa’y, “At pumutok pa yata ang noo mo, o.”

Mabilis niyang idinaan ang likod ng kamay sa kanyang noo.

“Hindi, Rachel, I’m all right.”

“Hindi pa natin alam ‘yon,” madiing sabi ni Rachel sa kanya. At kinuha na naman nito ang kanyang kamay para muling ipulupot sa leeg ng lalaki. “Ang laki-laki ng bukol mo sa noo. Baka may concussion ka d’yan, sige ka.”

Muli niyang binawi ang kamay niya at sinalat ang bukol sa noo.

“Wala, Rachel. Hindi naman ako nabukulan. Nabigla lang siguro ako. Maniwala ka, I’m fine now.” At itinulak na niyang palayo ang lalaki na pilit pa ring umaalalay sa kanya.

“Hmm, bahala ka,” sabi na lang ni Rachel. “Magpasama na lang tayo sa kanya sa bahay mo.”

“Okay na ‘ko, Rachel. Believe me.” Pero umiikot pa rin ang kanyang paningin nang magtangka siyang tumayo kaya patuloy pa rin siyang inalalayan ng lalaki patungo sa kanyang kotse.

Nakatayo sa labas si George, nag-aabang ng taksi. Nagtangka itong makialalay kay Claire, pero pinigilan ito ni Rachel. Hinila nito ang lalaki sa isang tabi.

“Huwag ka nang pumapel, George,” sabi nito sa matigas na tinig. “Hayaan mo na lang sila.”

Hindi malaman ni George ang sasabihin. “Eh, tutulong lang

naman sana ako,” paliwanag nito.

“Ewan ko sa ‘yo,” sagot lang ni Rachel sa lalaki at tumalikod na. Iniwang nito ang lalaki na nagtataka sa inasal niya.

“Akin na ang susi ng kotse, Claire,” sabi nito sa dalaga nang nakalapit na muli ito.

“S-salamat, Rachel,” sagot ni Claire. “Ikaw na nga ang mag-drive, please?”

“Hindi, sira! Magpa-drive tayo sa kanya,” ani Rachel na ang tinutukoy ay ang lalaking nakabangga ni Claire sa bar. Nakatayo pa rin ito sa tabi nila.

“H-huwag na lang, Rachel,” sabi niya, sabay bawi sa susi sa kamay ni Rachel. “Ako na lang ang magda-drive. Okay na ‘ko,” mabilis niyang sabi, sabay pag-start ng kotse.

Naiwan nila ang dalawang lalaki na kakamut-kamot ng ulo sa labas ng bar.